GABAY NG MAGULANG SA PAG-UNAWA SA

Mga Pagtasa ng Kasanayan sa Wikang Ingles para sa California (ELPAC)

Ang Mga Pagtasa ng Kasanayan sa Wikang Ingles para sa California (English Language Proficiency Assessments for California, ELPAC) ay ang pagsubok na ginagamit upang sukatin kung gaano kahusay na nakakaintindi ng Ingles ang mga estudyante sa kindergarten hanggang ikalabindalawang grado kapag hindi ito ang kanilang pangunahing wika. Ang ELPAC ay papalit sa Pagsubok sa Pag-unlad sa Wikang Ingles ng California (California English Language Development Test (CELDT)). Ang impormasyon mula sa ELPAC ay tumutulong sa guro ng iyong anak na magkaloob ng suporta sa mga tamang lugar.

Ang ELPAC ay may dalawang bahagi:

	Unang Pagtasa	Nagsusumang Pagtasa
Sino	Ang mga estudyante ay kukuha ng Unang Pagtasa (Initial Assessment) kung: ■ ang estudyante ay may pangunahing wika na iba sa Ingles, ■ ang estudyante ay hindi pa nakakuha ng CELDT o ELPAC, at ■ ang estudyante ay hindi pa naklasipika bilang isang nag-aaral ng Ingles.	Ang Nagsusumang Pagtasa (Summative Assessment) ay ibinibigay sa mga estudyanteng natukoy na nag-aaral ng Ingles sa Unang Pagtasa.
Ano	Ang Unang Pagtasa ay ginagamit upang matukoy ang mga estudyante bilang alinman sa nag-aaral ng Ingles na nangangailangan ng suporta upang matuto ng Ingles, o bilang sanay sa Ingles.	Ang Nagsusumang Pagtasa ay ginagamit upang sukatin ang kasanayan ng mga nag-aaral ng Ingles. Ang mga resulta ay tutulong na sabihin sa paaralan o distrito kung ang estudyante ay handa nang muling maklasipika bilang sanay sa Ingles.
Kailan	Ang mga estudyante ay binibigyan ng Unang Pagtasa sa loob ng 30 araw pagkatapos nilang magpatala sa paaralan.	Ang mga estudyanteng nag-aaral ng Ingles ay binibigyan ng Nagsusumang Pagtasa tuwing tagsibol sa pagitan ng Pebrero at Mayo hanggang sila ay muling maklasipika bilang sanay sa Ingles.
Bakit	Ang pagtukoy sa mga estudyanteng nangangailangan ng tulong sa pag-aaral sa Ingles ay mahalaga upang ang mga estudyanteng ito ay makatanggap ng karagdagang tulong na kailangan nila upang humusay ang pagganap sa paaralan at magamit ang buong kurikulum. Bawat taon ang mga estudyanteng nag-aaral ng Ingles ay kukuha ng nagsusumang ELPAC upang sukatin ang kanilang progreso sa pag-aaral ng Ingles.	

Ang ELPAC ay sumusubok sa apat na magkakaibang lugar:

Kumukuha ba ng ELPAC ang mga estudyanteng may kapansanan?

Oo, ang ELPAC ay idinisenyo upang ang mga estudyante, kabilang ang mga may espesyal na mga pangangailangan, ay maaaring lumahok sa pagsubok at ipakita ang alam at kayang gawin nila. Bilang resulta, kasama sa pagsubok ang mga tagatulong sa paggamit na tumutugon sa mga hadlang sa paggamit ng paningin, pakikinig, at katawan—magpapahintulot sa lahat ng estudyante na ipakita ang kanilang alam at kayang gawin.

Paano Ko Matutulungan ang Aking Anak na Maghanda para sa ELPAC?

Ikaw ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon ng iyong anak. Ang ilang bagay na magagawa mo upang matulungan ang iyong anak ay:

- Basahan ang iyong anak, o pabasahin ang iyong anak ng Ingles, araw-araw.
- Gumamit ng mga larawan at ipasabi sa iyong anak sa Ingles kung ano ang nakikita niya sa larawan o ano ang nangyayari sa larawan.
- Kausapin ang guro ng iyong anak tungkol sa kung sa aling mga lugar ng pag-aaral ng Ingles (pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, pagsusulat) maaaring nangangailangan siya ng karagdagang tulong.
- Talakayin ang pagsubok sa iyong anak. Tiyakin na siya ay komportable at naiintindihan ang kahalagahan ng pagkuha ng pagsubok.

Ang ELPAC ay katugma ng Mga Pamantayan sa Pag-unlad sa Wikang Ingles ng California (California English Language Development Standards). Ang mga pamantayang ito ay matatagpuan sa: http://www.cde.ca.gov/sp/el/er/documents/eldstndspublication14.pdf.

Para sa Karagdagang Impormasyon:

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa ELPAC ay matatagpuan sa Pahina sa Web ng ELPAC ng Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education) sa: http://www.cde.ca.gov/ta/tg/ep/ o sa pahina sa Web ng Educational Testing Services na ELPAC sa: http://www.elpac.org/.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga puntos sa ELPAC ng iyong anak ay matatagpuan sa pamamagitan ng pagkontak sa guro at/o opisina ng paaralan ng iyong anak.

ELPAC
English Language Proficiency Assessments for California

DEPARTMENT OF EDUCATION · STATE OF CALIFORNIA